

- Sino sa iyong mga kapamilya at kaibigan ang maaari mong hikayatin na kilalanin ang Diyos at isapamuhay kung sino sila sa Kanya? Paano mo maibabahagi sa taong ito ang katotohanan ng pagkakakilanlan natin sa Diyos?

## PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa kakayahan na maging mabunga at kapakipakinabang. Pasalamatang Siya para sa mga tao na inilagay Niya sa paligid mo na nakatutulong sa iyo upang maisapamuhay ang pagkakakilanlan mo sa Kanya.
- Hingin sa Diyos ang kakayahan at kalakasan na tuparin ang layunin na inilaan Niya para sa iyo. Ipanalangin na lagi mong pipiliin na mamuhay para sa Kanya at hindi para sa iyong sarili.
- Ipanalangin na bigyan ka ng Diyos ng karunungan upang maintindihan at maisapamuhay ang pagkakakilanlan mo sa Kanya. Ipanalangin na magawa mong tulongan ang iba na gawin din ito.

## NOTES

---



---



---



---



---



---



---



---



---



---



---



---

# IMAGO DEI

## Pagkalalaki

WEEK 2

## WARM-UP

- Ano ang paborito mong gawaing bahay? Bakit mo ito gustong gawin?
- Ano ang maling pag-aakala na kadalasang naiisip ng mga tao sa unang pagkakakilala sa iyo? Magkuwento tungkol dito.
- Sino ang isang tao na malapit sa iyo? Sa unang pagkakakilala mo pa lang ba sa kanya ay naisip mo nang magiging malapit kayo sa isa't isa? Bakit oo o hindi?

**WORD** *Nilikha ng Panginoong Diyos ang tao mula sa lupa. Hiningahan niya sa ilong ang tao ng hiningang nagbibigay-buhay. Kaya ang tao ay naging buhay na nilalang. **GENESIS 2:7***

*Nilikha ng Diyos ang tao, lalaki at babae ayon sa wangis Niya. Siya lamang ang makakapagbigay ng pagkakakilanlan, halaga, at layunin ng tao. Maraming mga maling kaisipan tungkol sa pagkalalaki at pagkababae ang ipinapataw ng lipunan, subalit iisa lamang ang pamantayan—ang pamantayan ng Diyos. Sa susunod na dalawang linggo, pag-uusapan natin ang orihinal na disenyo ng Diyos sa pagkalalaki at pagkababae na makikita sa Kanyang Salita. Ngayon, pag-uusapan natin ang tunay na pagkalalaki upang matutunan nating pahalagahan ang disenyo ng Diyos at isapamuhay ang pagkakakilanlan natin sa Kanya.*

## 1 Nilikha ng Diyos ang kalalakihan upang maging mabunga at magpakarami.

*Binasbasan niya sila at sinabi, “Magpakarami kayo para mangalat ang mga lahi ninyo at mamahala sa buong mundo.”*

**GENESIS 1:28**

Malinaw na inatasan ng Diyos ang tao na *magpakarami, mangalat ng mga lahi, at mamahala sa buong mundo.* Inatasan tayo ng Diyos na maging mga tagapamahala ng Kanyang nilikha, at binigyan Niya tayo ng dalawang paraan upang maging mabunga at magpakarami. Ang isa ay sa pamamagitan ng ating mga anak na dapat nating palakihin sa makadiyos na pamamaraan (Deuteronomio 6:6,7). Ang isa naman ay sa pamamagitan ng pagdidisipulo. Inutusan ni Jesus ang lahat ng Kanyang mga tagasunod na pumunta sa *lahat ng mga lahi at gawin silang mga tagasunod* Niya (Mateo 28:19). Ayon sa Juan 15:4, paano tayo magiging mabunga?

---

---

## 2 Nilikha ng Diyos ang kalalakihan upang mamuhay nang may kapakinabangan at pananagutan.

*Pinatira ng Panginoong Diyos sa halamanan ng Eden ang taong nilikha niya para mag-alaga nito.* **GENESIS 2:15**

Ang lalaki ang unang nakatanggap ng utos ng Diyos. Ang layunin niya ay ang pamahalaan ang mundo at ang lahat ng nilalang na nabubuhay dito. Bahagi ng layunin na ito ay ang maging tagapamahala ng nilikha ng Diyos, pangalagaan ito, at bungkalin ang lupa kung saan siya inilagay ng Diyos. Hanggang sa kasalukuyang panahon, ang kalalakihan ay tinawag upang mamuhay nang may kapakinabangan at pananagutan, at ganap na gamitin ang kalakasan at kakayahan na ibinigay sa kanya ng Diyos. Ayon sa Mga Kawikaan 21:25,26, ano ang nangyayari kapag ang isang tao ay tamad magtrabaho?

---

---

## 3 Nilikha ng Diyos ang kalalakihan na maging mapagmahal at matapat sa lahat ng kanyang mga relasyon.

<sup>23</sup>*Sinabi ng lalaki, “Narito na ang isang tulad ko! Buto na kinuha sa aking mga buto, at laman na kinuha sa aking laman. Tatawagin siyang ‘babae,’ dahil kinuha siya mula sa lalaki.”*

<sup>24</sup>*Iyan ang dahilan na iiwan ng lalaki ang kanyang ama’t ina at makikipag-isa sa kanyang asawa, at silang dalawa ay magiging isa.* **GENESIS 2:23,24**

Ang mga tao ay nilikha upang makipag-ugnayan. Hindi tayo nabubuhay nang mag-isa at para sa ating sarili lamang kundi nilikha tayo upang magmahal at umunlad na kasama ang iba. Ang halimbawa na ipinakita ng Diyos sa Genesis 2 ay isang ugnayan na kakikitaan ng malapit na relasyon at katapatan. Ito rin ang ipinakita sa atin ni Jesus sa pamamagitan ng Kanyang buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay. Ipinadala Siya sa mundo dahil sa pag-ibig ng Diyos at namuhay Siya nang may dakilang pagmamahal sa atin, kung kaya’t nagawa Niyang ihandog ang Kanyang sarili upang iligtas tayo at bumuo ng ugnayan sa atin (Mga Taga-Efeso 5:25–27). Dapat ding maipakita ng tao ang pagmamahal at katapatang ito sa pamilyang kinabibilangan niya—bilang asawa, ama, anak, kapatid, o kaibigan—at sa kanyang komunidad ng iglesia. Ngayong alam natin kung paano tayo minahal ni Jesus (Mga Taga-Roma 5:8), paano natin dapat mahal in ang iba?

---

---

### APPLICATION

- Ano ang isang kaisipan na mayroon ka tungkol sa pagkalalaki na kailangang maituwid? Pag-isipan ang Genesis 2:15 ngayong linggo, at hilingin sa Diyos na iayon ang iyong kaisipan sa Kanyang orihinal na disenyo.
- Paano mo ginagamit ang kakayahan at kalakasan na ibinigay sa iyo ng Diyos para sa pagtugon sa tawag Niya sa buhay mo?